Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

Hunyo 30, 1978

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg 182, s 1978

PAGDIRIWANG SA LINGGO NG WIKA SA TAONG 1978

Sa Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Pinuno ng mga Lingkuran at
mga Puno ng mga Yunit
Tagapag-ugnay ng mga Kolehiyo
at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Puno ng mga Paaralang Pribado,
Kolehiyo at Pamantasan

1 Ipagdiriwang ang Linggo ng Wika sa taong 1978 mula sa ika-13 hanggang ika-19 ng Agosto Ang paksang diwa ng pagdiriwang sa taong ito ay "Si Quezon sa Pagbuo ng Bansa" Ang pang-araw-araw na paksa ay gaya ng sumusunod

Agosto 13 - Si Quezon, Ang Pangulo
Agosto 14 - Si Quezon, Ama ng Wikang Pambansa
Agosto 15 - Si Quezon Ang Estadista
Agosto 16 - Si Quezon, Tagapagtanggol ng Nasyonalismong Pilipino
Agosto 17 - Si Quezon, Tagapagtaguyod ng Katarungang Panlipunan
Agosto 18 - Si Quezon Maka-Diyos Makabayan at Makatao
Agosto 19 - Si Quezon, Uliraning Ama ng Tahanan

2 Dapat isagawa sa Pilipino ang pagtalakay sa mga pang-araw-araw na paksa upang matanim sa isip at damdamin ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng paggamit ng sariling wika at pagkakaroon ng pagmamahal dito Kalakip ng Memorandum na ito ang mga mungkahing gawain sa sanlinggong pagdiriwang

3 Pagsikapang maisama ang mga mamamayan at mga kaugnay na kilusang pangwika sa pagdiriwang na gagawin Ang pagtulong at pakikiisa nila'y lubhang kailangan upang maisakatuparan ang mga layunin ng pagdiriwang

4. Mangyari lamang na ipabatid sa kaalaman ng lahat ng mga tagapamahala ng mga paaralan ang lahat ng gawain at iba pang kilusan sa pagdiriwang na isasagawa sa Linggo ng Wika.

(SGD.) JUAN L. MANUEL
Minister ng Edukasyon at Kultura

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangministri Blg. 136, s. 1978

Pamamudmod: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga paksang sumusunod:

CELEBRATIONS & FESTIVALS
REPORT
STUDENTS

(Kalakip ng Memorandum Pangministri Blg. 132, s. 1978)

MGA PAKSA AT MUNGKAHING GAWAIN SA
SANLINGGONG PAGDIRIWANG

Agosto 13, Linggo - Si Quezon, Ang Pangulo

Pagdaraos ng palatuntunang pampaaralan bilang simula ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika sa Taong 1978.

a. Pagtatanghal ng ilang bahagi ng buhay ni Manuel L. Quezon.

b. Pagtalakay ng ilang mahahalagang gawain ni Manuel L. Quezon bilang pangulo ng bansa.

Agosto 14, Lunes - Si Quezon, Ang Ama ng Wikang Pambansa

Pagtalakay sa klase ng mga hakbang na ginawa ng Pangulong Quezon sa pagtatatag at paglilinang ng isang wikang pambansa para sa mga Pilipino.

Agosto 15, Martes - Si Quezon, Ang Estadista

Pagtalakay sa mga kakayahang ipinamalas ng Pangulong Quezon sa pamamahala ng pambansang kapakanan at sa paglutas ng mga pambansang suliranin lalo na noong panahon ng digmaan.

Agosto 16, Miyerkoles - Si Quezon, Tagapagtanggol ng Nasyonalismong Pilipino

Pagtalakay sa mga gawaing maka-Pilipino na pinasimulan ng Pangulong Quezon.

a. Pagtuturo at paggamit ng wikang Pilipino

b. Pagtangkilik sa sariling atin (NEPA)

k. Paglinang at pagpapaunlad ng mga katutubong kulturang Pilipino

Agosto 17, Huwebes - Si Quezon, Ang Tagapagtaguyod ng Katarungang Panlipunan

1. Pagtalakay sa iba't ibang batas na pinagtibay sa pamumuno ni Pangulong Quezon sa pagtataguyod ng katarungang panlipunan.

2. Pag-uusap tungkol sa iba't ibang tanggapang itinatag upang makatulong sa mga nangangailangan.

Hal. a. Ministri ng Kagalingang Panlipunan
b. Ministri ng Pagpapaunlad ng [illegible]

Agosto 18, Biyernes - Si Quezon, Maka-Diyos, Makabayan at Makatao

1. Pag-aanyaya ng tagapagsalita na tatalakay sa paksang "Si Quezon, Maka-Diyos, Makabayan at Makatao (maaaring isang alagad ng Diyos, o pinuno ng bayan/paaralan).

2. Pag-aalay ng dalangin/pagsamba bilang pasasalamat sa biyayang ipinagkaloob ng Maykapal.

Agosto 19 - Sabado - Si Quezon, Ulirang Ama ng Tahanan

1. Pagtalakay sa talambuhay ng Pangulong Quezon

   [illegible] kuwento/anekdota tungkol sa Pangulo bilang ama ng tahanan.

2. Pagtatanghal ng pangwakas na palatuntunang pampaaralan o pambayan na nagbibigay-buhay sa pagdiriwang ng Linggo ng Wika na may paksang "Si Quezon, sa Pagbuo ng Bansa."